# LAKBAY-KABANWAHAN

## Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan

LAKBAY-KABANWAHAN
sa Australia at Pasipiko

TOMO 2
TAON 2023

U.P. LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

# LAKBAY-KABANWAHAN:
## MGA SALAYSAY NG PANGINGIBANG-BAYAN NG MGA LIKASYAN

## TOMO 2: LAKBAY-KABANWAHAN SA AUSTRALIA AT PASIPIKO

**Jely A. Galang, Ph.D.**
***patnugot***

**LIKAS**
**2023**

# LAKBAY-KABANWAHAN:
## MGA SALAYSAY NG PANGINGIBANG-BAYAN NG MGA LIKASYAN

Karapatang-ari 2023

Inilathala ng
**Limbagang Pangkasaysayan (LIKAS)**

ISSN 2704-3312

**RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN**. Nasa may-akda at tagapaglathala ang lahat ng karapatan sa publikasyong ito. Hindi maaaring kopyahin o sipiin ninuman sa anumang paraan ng paglimbag ang anumang bahagi ng publikasyong ito nang walang pahintulot sa mga may karapatang-ari.

Ang LAKBAY-KABANWAHAN ay serye ng mga monograp na naglalayong isalaysay ang pangingibang-bayan ng mga *Likasyan*—alumni at residente ng *Unibersidad ng Pilipinas* (UP) *Lipunang Pangkasaysayan* (LIKAS). Lumalabas ito ng isang beses kada taon.

***Lupon ng mga Patnugot:*** Raymund Arthur G. Abejo • Kerby C. Alvarez, Ph.D. • Mary Dorothy dL. Jose • Adonis L. Elumbre • Jely A. Galang, Ph.D. • Atoy M. Navarro • Ma. Florina Orillos-Juan, Ph.D. • Ferdinand Philip F. Victoria • ***Patnugot ng Tomo 2:*** Jely A. Galang, Ph.D. • ***Paunang Salita:*** Atoy M. Navarro • ***Disenyo ng Pabalat:*** John Patrick P. Manio •

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

# Paunang Salita

Sa pagdiriwang ng ika-35 taong anibersaryo ng muling itinatag na Unibersidad ng Pilipinas (UP) *Lipunang Pangkasaysayan* (LIKAS), mahalagang handog ng mga *Likasyan*—kasapian at alumni ng UP LIKAS—ang pagkakalathala ng ikalawang tomo ng *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-bayan ng mga Likasyan*.

Ang ikalawang tomong ito ng *Lakbay-Kabanwahan* ang ikawalong malawakang lathalain sa wikang F/Pilipino ng UP LIKAS. Naunang mga publikasyon ng organisasyon ang dyornal na *LIKAS: Dyornal ng Kasaysayan* na inedit ni Nilo Ocampo (1976) at librong *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan* na pinamatnugutan nina Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar (1992). Sinundan ito ng tatlong librong inilathala ng Limbagang Pangkasaysayan (LimbagKas) para sa UP LIKAS—*Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan* (Navarro & Abejo 1998), *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan* (Navarro *et al*. 2008), at *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo* (Navarro *et al*. 2012). Kasunod nito, inilathala ang *SALIKSIK E-Journal*, Tomo 7, Bilang 1, na may temang *Brindis para kay Nilo S. Ocampo: Pagpupugay sa Isang Natatanging Likasyan at Pangunahing Haligi ng Bagong Kasaysayan* (Navarro 2018). At noong 2019, inilathala ng LimbagKas para sa organisasyon ang unang tomo ng *Lakbay-Kabanwahan* na may temang *Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya* (Elumbre & Navarro 2019).

Para sa ikalawang tomong ito ng *Lakbay-Kabanwahan*, mahusay at matiyagang pinamatnugutan ni Jely Galang

ang natatanging bolyum ukol sa *Lakbay-Kabanwahan sa Australia at Pasipiko*. Sa pagsusulong ng *Lakbay-Kabanwahan sa Australia at Pasipiko* sa *Araling Kabanwahan* (Navarro 2012; Elumbre 2021), at sa sangay nitong *Araling Pangmanlalakbay* (Tugano 2022), sumasayapak ito hindi lamang sa unang tomo ng *Lakbay-Kabanwahan* (Elumbre & Navarro 2019), kundi pati na sa mga librong *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangingibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan* na inedit ni Ma. Luisa de Leon-Bolinao (1993) at *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* na pinamatnugutan ni Axle Christien Tugano (2023). Patunay ang dumaraming publikasyon sa wikang F/Pilipino hinggil sa *lakbay-kabanwahan* sa patuloy na kabuluhan at katuturan ng mga pag-uulat sa *sariling bayan* ukol sa mga karanasan sa paglalakbay—at sa ilang pagkakataon, paninirahan pa nga—sa *kapwa/kaugnay na bayan* at/o *ibang bayan*.

Sa kabila ng heograpikal na kalapitan o proksimidad sa Pilipinas kumpara sa ibang rehiyon sa ibayong dagat, hindi gaanong napag-uukulan ng pansin ang kaugnayan ng rehiyon ng Australia at Pasipiko sa *tinubuang bayan*. Bagama't may mga libro tungkol sa karanasan ng mga Pilipino sa Hawai'i (*e.g.* Teodoro 1981; Anderson *et al*. 1984; Zimmerman 1990; Gonzalves & Labrador 2011; Labrador 2015) at Australia (*e.g.* Ileto at Sullivan 1993; Hennessy 2004; Juanta & Hennessy 2008; Perdon 2014; Wall & Choo 2016), dahilan sa pawang nasa wikang Ingles, hindi talaga mga pag-uulat sa *sariling bayan* ang mga ito. Sa *Lakbay-Kabanwahan sa Australia at Pasipiko*, malinaw ang pananaw at paninindigan tungo sa pag-aambag sa *talastasang bayan* hinggil sa *kapwa/kaugnay na bayan* at/o *ibang bayan*. Gayundin, hindi lamang Australia at Hawai'i ang pinaksa sa

tomong ito, tinalakay rin dito ang New Zealand at New Caledonia—mga *banwa* na hindi gaanong nagagawan ng mga pagsasalaysay. Kapuri-puri ang mga ginawang paglalahad nina Galang at Ferdinand Philip Victoria tungkol sa Australia; Nicole Canseco at Karren Velasquez-Lagrimas ukol sa New Zealand; Victoria tungkol sa New Caledonia; at Rowena Quinto Bailon ukol sa Hawai'i. Sa kanilang mga pagsasalaysay, malinaw nilang nailarawan ang kanilang mga karanasan sa pag-aaral, pananaliksik, pagtatrabaho, at/o paglilingkod-bayan sa rehiyon ng Australia at Pasipiko. Sa daloy ng kanilang mga paglalahad, mabisang naitampok din ang mga karanasan ng mga *kapwa Pilipino* sa mga *banwa* ng naturang rehiyon.

Kaya naman, mainit na pagbati ang nararapat para sa mga *kapwa Likasyan* na kontribyutor sa pinakabagong publikasyong ito ng UP LIKAS! Sa *tinubuang bayan* man o sa *kabanwahan*, patuloy kayo sa pagsasabuhay sa pananagutan ng ating organisasyon: "tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan."

**Atoy M. Navarro**
Katuwang na Propesor,
Departamento ng Agham Panlipunan, UP Manila
Dating Tagapangulo, UP LIKAS

## Sanggunian

Abrera, Ma. Bernadette at Dedina Lapar, mga pat. 1992. *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan*. Quezon City: University of the Philippines Departamento ng Kasaysayan, Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.

Anderson, Robert, Richard Coller, at Rebecca Pestano. 1984. *Filipinos in Rural Hawaii*. Honolulu: University of Hawaii Press.

De Leon-Bolinao, Ma. Luisa, pat. 1993. *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangingibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas*. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.

Elumbre, Adonis. 2021. *Area Studies* at Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Agham Panlipunan at Kontemporanyong Panahon. Nasa *Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan*, mga pat. Mary Dorothy Jose, Atoy Navarro, at Jerome Ong, 62-96. Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila.

Elumbre, Adonis at Atoy Navarro, mga pat. 2019. *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-Bayan ng mga Likasyan* 1.

Gonzalves, Theodore at Roderick Labrador. 2011. *Images of America: Filipinos in Hawai'i*. Charleston, South Carolina: Arcadia Publishing.

Hennessy, Norma. 2004. *A Journey in Antipodean Land: The Filipino Heritage in Australia*. Henley Beach, S.A.: Seaview Press.

Ileto, Reynaldo at Rodney Sullivan, mga pat. 1993. *Discovering Australasia: Essays on Philippine-Australian Interactions*. Townsville, Qld.: Department of History and Politics, James Cook University.

Juanta, Reynaldo Dante at Norma Hennessy. 2008. *Of Guts, Grit and Dreams: Early Filipino Migration Experiences in South Australia 1950-1989*. Adelaide: Ethnic Radyo Pilipino.

Labrador, Roderick. 2015. *Building Filipino Hawai'i*. Urbana, Illinois: University of Illinois Press.

Navarro, Atoy. 2012. Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya. *SALIKSIK: E-Journal* 1, blg. 2 (Setyembre): 1-31.

Navarro, Atoy, pat. 2018. *SALIKSIK E-Journal* 7, blg. 1 (Pebrero).

Navarro, Atoy, Alvin Campomanes, at John Lee Candelaria, mga pat. 2008. *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan para sa University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.

Navarro, Atoy, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre, mga pat. 2012. *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan para sa University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.

Navarro, Atoy at Raymund Arthur Abejo, mga pat. 1998. *Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan para sa University of the Philippines Lipunang Pangkasaysayan.

Ocampo, Nilo, pat. 1976. *LIKAS: Dyornal ng Kasaysayan* 1, blg. 1 (Disyembre).

Perdon, Renato. 2014. *Connecting Two Cultures: Australia and the Philippines*. Sydney: Manila Prints.

Teodoro, Luis Jr., pat. 1981. *Out of This Struggle: The Filipinos in Hawaii*. Honolulu: The University Press of Hawaii.

Tugano, Axle Christien. 2022. Paglilinang sa Araling Pangmanlalakbay sa Diwa ng Araling Kabanwahan: Isang Panimulang Pagdalumat. Nasa *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*, mga pat. Jomar Adaya, Joseph Reylan Viray, Alondra Gayle Sulit, at John Christian Agudera, 174-257. Manila: Center for Philippine Studies, Polytechnic University of the Philippines.

Tugano, Axle Christien, pat. 2023. *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat*. Manila: Limbagang Pangkasaysayan.

Wall, Deborah Ruiz at Christine Choo. 2016. *Re-imagining Australia: Voices of Indigenous Australians of Filipino Descent*. Southport, Queensland: Keeaira Press.

Zimmerman, Jovita Rodas, pat. 1990. *From Mabuhay to Aloha: The Filipinos in Hawaii*. Honolulu: Filipino Association of University Women Publications.